



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-8 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 MARSO 2011, IKA-9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumulo.

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Arnel F. Fabon
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Lee M. Baculinao
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Camilo G. Ferreira - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jennie Leigh O. Sarmiento - MSKT President

Absent: Konsehal Mae Arlene M. Talens

KAPASYAHAN BLG. 014
Taong 2011

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY KGG. BOKAL RAMIL O. DIMAPILIS AT MGA KAAKAP SA PAGPANAW NG KANYANG MINAMAHAL NA INA, GNG. EUSTAQUIA ONTE DIMAPILIS.

SAPAGKA'T sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagdadamay ng lahat ng bumubuo nito sa kasaganaan man o kahirapan;

SAPAGKA'T sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya, lalo pa't ng isang ina ay lubhang dinarandam at ikinalulungkot ng mga anak at kuanak nito;

SAPAGKA'T ang ina ang maltuturing na pinakadakilang nilikha ng Diyos na pinagtiwalaan ng mabigat na tungkulin at responsibilidad mula sa pagdudula ng sanggol sa sinapupunan hanggang sa pagluluwal at pag-aruga sa paglaki nito;

SAPAGKA'T kahit ang pansamantalang paghihiwalay ng ina sa anak ay nagdudulot din ng kalungkutan, ano pa kaya kung ang inang ito ay tuluyan nang mawala sa daligdig;

SAPAGKA'T ang minamahal na ina ni Kgg. Bokal Ramil O. Dimapilis, sa kanyang katandaan ay humarap na sa Lumikha at bagama't ito ay lubos nilang ikinalulungkot, naiwan naman ay mga alaala ng isang mapagmahal, mapag-aruga at mapagkandiling ina;

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kay Kgg. Bokal Ramil O. Dimapilis, sa kanyang mga kapatid at nga kaanak sa pagpanaw ng kanilang mahal na Ina, Gng. Bustaquia Onte Dimapilis.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Juanito A. Bacay, Jr. na sinung-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Kgg. Bokal Ramil O. Dimapilis, kapatid at mga kaanak ang taustpusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan ito at ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pagpanaw ng kanilang Ina, Gng. Bustaquia O. Dimapilis.

IPINASYA RIN na ipadala ng sipi ng kapasyahang ito kay Kgg. Bokal Ramil O. Dimapilis, sa mga kapatid at mga kaanak nito lakip ang taustpusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 07 Marso 2011

PINATUTUNAYANG WASTO:


TEOFILA F. FAINA
Tumayong Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo